

PAMAMARAAN SA PAGPAPATALSIK

IMPORMASYON PARA SA MAGULANG * KASUNOD NG PAGPAPATALSIK SA INYONG ANAK

Ang polyetong ito ay kailangang ibigay sa taong malapit sa mag-aaral sa Pag-uusap sa Rebyu ng Pag-aasal (Behaviour Review Conference).

Ang polyetong ito ay nagbibigay ng mga sumusunod na impormasyon sa mga mag-aaral at sa kanilang mga pinahahalagahang tao:

- Ano ang gagawin kung mayroon kayong anumang mga alalahanin tungkol sa pagpapatalsik sa iyong anak
- Ano ang mangyayari pagkatapos magkabisa ang pagpapatalsik.
- Saan pupunta para sa karagdagang impormasyon at suporta.

Para sa karagdagang impormasyon sa proseso ng pagpapatalsik, kabilang ang mga tungkulin at responsibilidad, at kung ano ang maaari ninyong asahan na naganap bago ang pagpapatalsik, bisitahin ang www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx

NAPATALSIK SA PAARALAN ANG AKING ANAK, ANO ANG IBIG SABIHIN NITO?

Ang pagpapatalsik ay isang proseso ng permanenteng di-pagsasali ng isang mag-aaral sa paaralan kung saan siya ay kasalukuyang naka-enrol.

Ang permanenteng pagpapatalsik sa kasalukuyang paaralan ng mag-aaral ay siyang pinakamatinding paraang magagamit ng punong-guro at dapat lamang gamitin pagkatapos masubukan ang iba pang mga paraan ng pamamahala. Ang pag-aasal ng mag-aaral ay sadyang napakabigat na kung kaya't ang pagpapatalsik lamang ang natitirang paraan.

Sa ilang mga pagkakataon, ang pagpapatalsik ay naaangkop na recurso kung saan ang mag-aaral ay nagbabadya ng isang matindi at tunay na banta sa kasalukuyang kaligtasan ng iba pang mga mag-aaral at mga kawani at/o nagkokompromiso sa pagiging epektibo ng mga programa sa edukasyon ng paaralan.

Ang pagpapatalsik ay hindi dapat gamitin bilang recurso sa mga pangyayaring hindi pangkaraniwan, tulad ng isang minsanan lamang na pagbibiro, na hindi nagdulot ng anumang pinsala sa iba pang mga mag-aaral o mga kasapi sa komunidad ng paaralan.

ANO ANG ISASAALANG-ALANG NG PUNONG-GURO BAGO MAGPASYANG PATALSIKIN ANG AKING ANAK?

Bago mapatalsik ang isang mag-aaral, dapat tiyakin ng punong-guro na:

- Ang mag-aaral ay nagkaroon ng pagkakataong mapakinggan.
- Anumang impormasyon o dokumentasyong ibinigay ng mag-aaral o ng kanilang mga pinahahalagahang tao (kasama ang pamamagitan ng Pag-uusap sa Rebyu ng Pag-aasal) ay isasaalang-alang sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagpapatalsik.

- Ang iba pang mga uri ng aksyon upang tugunan ang pag-aasal na naging dahilan ng pagkakasuspindi ng mag-aaral ay isinaalang-alang.

ANO ANG MGA BATAYAN PARA SA PAGPAPATALSIK SA PAARALAN? ANO ANG MAGAGAWA KO KUNG SA PALAGAY KO AY HINDI NARARAPAT MAPATALSIK ANG AKING ANAK BASE SA KANYANG INASAL?

Ang pagpapatalsik ay ipinapataw lamang sa mga seryosong isyu sa pag-aasal. Ang inyong anak ay maaaring masuspindi kung, habang nasa paaralan o naglalakbay sa o mula sa paaralan o habang abala sa anumang aktibidad sa paaralan na malayo sa paaralan (kabilang na ang paglalakbay patungo sa o mula sa aktibidad na iyon), sila ay -

NAGPAKITA NG SUMUSUNOD NA MGA PAG-AASAL:

- Umaasal sa paraang nagbabadya ng isang panganib, aktwal man, pinaghihinalaan o nagbabanta, sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng sinumang tao;
- nagiging sanhi ng malaking pinsala sa o pagkasira ng ari-arian;
- nagsasagawa o nagtatangkang magsagawa o sinasadyang masangkot sa pagnanakaw ng ari-arian;
- nagmamay-ari, gumagamit o nagbebenta o sadyang tumutulong sa ibang tao upang makakuha, gumamit o magbenta ng mga ipinagbabawal na gamot o armas;
- Nabigong sumunod sa malinaw at makatwirang tagubilin ng isang kawani upang magbadya ng panganib, aktwal man, pinaghihinalaan o nagbabanta, sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng sinumang tao;

- Laging umaasal nang mapanira, naninirang-puri, nagpaparatang ng mali, nanlalait o nagpapahiya sa ibang tao batay sa gulang; pagpapasuso; kasarian; pagkakakilanlan; kapansanan; pang-industriyang aktibidad; di-bawal na aktibidad na sekswal; estado ng kasal; estadong pangmagulang; pisikal na katangian; pampulitikang paniniwala o gawain; pagbubuntis; lahi; relihiyosong paniniwala o gawain; sekswal na oryentasyon; personal na kaugnayan (bilang isang kamag-anak o ano man) sa isang tao na makikilala sa pamamagitan ng pagsangguni sa anuman sa mga katangian sa itaas;
- Laging umaasal sa paraang hindi produktibo na gumagambala sa kapakanan, kaligtasan o mga oportunidad na pang-edukasyon ng iba pang mga mag-aaral.

AT

Ang pag-aasal ng inyong anak ay sadyang napakatindi. Nasapawan ng pangangailangang mapanatili ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng ibang mag-aaral at mga kawani sa paaralan at ng pangangailangang mapanatili ang pagiging epektibo ng mga programang pang-edukasyon ng paaralan, ang pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng inyong anak na makatanggap ng edukasyon. Ang pagpapatalsik lamang ang ipinapalagay na mekanismong magagamit.

Bawat paaralan ay kinakailangang magkaroon ng isang Patakaran sa Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral na nagtatakda ng inaasahan ng komunidad ng paaralan sa mga aspeto ng pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, pag-uugaling magalang, pagpasok at pagkilos bilang isang reference point (sangguniang punto) kung paano tutugon ang iyong paaralan sa mga indibidwal na kaso ng mag-aaral.

Maaaring nais ninyo ring hilingan ang inyong paaralan ng isang kopya ng kanilang mga *Patakaran sa Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral* o maaari ninyong tingnan ang kanilang website upang ma-access ito. Itatakda ng patakarang ito ang inaasahang asal sa loob ng inyong paaralan at magiging isang kapaki-pakinabang na reference point upang matukoy kung ang mga inaasahang ito ay nalabag.

www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/engagepol.aspx

Mahalagang tandaan na maaari kayong humiling ng isang pagpupulong kasama ang punong-guro sa anumang punto ng proseso ng pagpapatalsik, kahit na ang pagpapatalsik na ito ay naipatupad na. Kung sa palagay ninyo ang inyong mga alalahanin ay hindi natugunan, maaari kayong makiugnay sa Community Liaison Officer (Opisyal sa Pakikipag-ugnayan ng Komunidad) sa inyong pinakamalapit na tanggapan ng kagawarang pangrehiyon o sa isa sa mga suportang serbisyong nakalista sa dulo ng polyetong ito.

ANONG MGA DOKUMENTASYON ANG DAPAT IBIGAY NG PAARALAN SA AKIN?

Dapat abisuhan kayo at ang inyong anak ng punong-guro tungkol sa kanilang desisyon sa loob ng 48 oras pagtatapos ng Pag-uusap sa Rebyu ng Pag-aasal (Behaviour Review Conference).

Kung ang punong-guro ay nagpasyang patalsikin ang inyong anak, dapat kayong bigyan ng mga sumusunod na dokumentasyon:

- *Abiso ng Pagpapatalsik.*
- Isang kopya ng *Form ng Pag-aapela sa Pagpapatalsik (Expulsion Appeal Form).*
- Ang polyetong ito.

ANO ANG MANGYAYARI PAGKATAPOS NG PAGPAPATALSİK? SAANG PAARALAN PAPANASOK ANG AKING ANAK ?

Sa kaso ng isang mag-aaral ng nasa edad na kompulsaryong mag-aral, dapat tiyakin ng punong-guro sa pagkikipagsanggunian sa mga tanggapan sa rehiyon na ang inyong anak ay naka-enrol sa ibang rehistradong paaralan; naka-enrol sa isang rehistradong organisasyon ng pagsasanay; o may pagkakaabalahang trabaho hanggat maaari. Ang planong aksyon na ito ay dapat na tinalakay at sinang-ayunan ng Pag-uusap sa Rebyu ng Pag-aasal.

Sa kaso ng isang mag-aaral na wala sa edad na kompulsaryong mag-aral, maaaring magbigay ang punong-guro, sa pakikipagsanggunian sa mga tanggapan sa rehiyon, sa inyo at sa inyong anak, ng impormasyon tungkol sa iba pang mga paaralan, rehistradong mga organisasyon sa pagsasanay at mga ahensya ng trabaho na magbibigay ng angkop na pagkakataon para sa inyong anak.

Kung magkaroon ng pagka-antala sa paglipat ng inyong anak sa bagong lugar ng pag-aaral o pagsasanay, dapat magbigay ang paaralan sa kanila ng makabuluhang trabahong makukumpleto hanggang sa maisagawa ang transisyon o paglilipat.

MAAARI KO BANG IAPELA ANG PAGPAPATALSİK SA AKING ANAK?

Binibigyang-kapangyarihan ng *Ministerial Order 625* na namamahala sa mga pagpapatalsik ang mga mag-aaral upang iapela ang kanilang pagkakataliksik.

Maaari rin kayong mag-apela sa ngalan ng inyong anak basta't isinaalang-alang ninyo ang opinyon ng inyong anak at sinisigurong ang ginagawa niyo ay para sa kanilang pinakamabuting interes.

Ang isang apela ay maaaring ihain batay sa sumusunod na dahilan:

- Ang paaralan ay hindi sumunod sa proseso ng pagpapatalsik.

- Ang batayan ng pagpapataksik ay itinuturing na hindi makatarungan.
- Kung saan ang mag-aaral ay may nakaraang mga isyu sa pag-aasal, hindi nagkaroon ng sapat na mga interbensyon at mga istratohiyang ginamit.
- Iba pang mga pangyayaring naging dahilan lamang nito.

Dapat nabigyan kayo ng form ng apela nang makatangap ninyo ng pormal na abiso sa pagpapataksik ng inyong anak. Kailangang makumpleto ang form na ito at maipadala sa paaralan ng inyong anak sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan kung nais ninyong mag-apela. Iminumungkahi na makipag-usap sa paaralan ng inyong anak upang matiyak na ito ay natanggap nga.

ANO ANG MANGYAYARI HABANG NAG-AAPELA SA PAGKAKATALSİK?

Sa sandaling ang Form ng Apela sa Pagkakataksik (Expulsion Appeal Form) ay natanggap ng paaralan, ito ay ipapasa sa tanggapan ng Kagawaran sa rehiyon para maaksyunan.

Isasaalang-alang ng Direktor sa Rehiyon ang inyong apela at magpapasya kung ipagpapatuloy o babaguhin ang desisyon na patalsikin ang inyong anak.

Sa pag-aaral ng inyong apela, maaaring humirang ang Direktor sa Rehiyon ng Panel sa Pagrebyu ng Pagpapataksik (Expulsion Review Panel ERP) upang suriin ang partikular na kaso ng inyong anak.

Kung ang isang ERP ay nahirang, ang papel nito ay upang:

- Magbigay ng pagkakataon para sa inyo at sa inyong anak na mapakinggan; at
- Maghanda ng ulat para sa Direktor sa Rehiyon upang tumulong sa kanyang magpasya kung ipagpapatuloy o babaguhin ang desisyong patalsikin ang inyong anak.

Para sa higit pang impormasyon sa prosesong ito maaari ninyong bisitahin ang seksyon ng mga Panukalang Pangdisiplina (Disciplinary Measures) sa:

www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/studengage.aspx

KUNG ANG APILA AY NAIHAIN NA, ANO ANG GAGAWIN NG AKING ANAK HABANG NAGHIHINTAY SA PINAL NA PASYA?

Dapat ipagpapatuloy na ipatupad ng paaralan ng inyong anak ang planong paglipat na natukoy sa Pag-uusap sa Rebyu ng Pag-aasal. Para sa impormasyon sa Pag-uusap sa Rebyu ng Pag-aasal, tingnan ang:

www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx

Sa kaso ng isang mag-aaral na may edad na kompulsaryong mag-aral, kasama dito ang pagbibigay ng paaralan sa inyong anak ng patuloy na naaangkop

na gawain hanggang sa ang paglipat sa isang pang-edukasyon, pagsasanay o oportunidad sa trabaho ay maipinatupad, o hanggang sa ang apela sa pagpapataksik ay matukoy na (alinman ang maganap na mas maaga).

Sa kaso ng isang mag-aaral na wala pa sa sa edad na kompulsaryong mag-aral sa paaralan, bibigyan kayo at ang inyong anak ng punong-guro ng impormasyon tungkol sa iba pang mga paaralan, rehistradong mga organisasyon sa pagsasanay at mga ahensya ng trabaho na magbibigay ng naaangkop na pagkakataon para sa inyong anak.

Kung mayroon kayong mga alalahanin tungkol sa mga rekurso na ipinatupad o ginagawa para sa inyong anak, dapat pa itong talakayin sa punong-guro ng paaralan ng inyong anak o sa tanggapan ng rehiyon.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG NAGAWA NA ANG DESISYON?

Kung ang naging desisyon ay ipatupad ang pagpapataksik sa inyong anak, kayo ay aabisuhan sa telepono o sa personal sa loob ng 24 na oras ng paggawa ng desisyon.

Kung nagpasya ang Direktor sa Rehiyon na ipatupad ang desisyon ng punong-guro na patalsikin ang inyong anak, kailangang gawin ng punong-guro ang sumusunod:

SA KASO NG ISANG MAG-AARAL NA MAY EDAD NA KOMPULSARYONG NASA PAARALAN

- Patuloy na ipatupad ang planong aksyon na mailipat ang mag-aaral sa ibang paaralan, rehistradong organisasyon ng pagsasanay, o trabaho.
- Patuloy na bigyan ang mag-aaral ng akmang gawain hanggang sa ang paglipat sa ibang paaralan, rehistradong organisasyon ng pagsasanay, o trabaho ay pinal na.

SA KASO NG MAG-AARAL NA ANG EDAD AY LAMPAS NA SA KOMPULSARYONG EDAD SA PAG-AARAL

Dapat tiyakin ng punong-guro na nabigyan ang mag-aaral at ang pinahahalagahang tao ng impormasyon tungkol sa iba pang mga paaralan, rehistradong mga organisasyon ng pagsasanay o trabahong magbigay ng angkop na pagkakataon para sa mag-aaral.

Kung nagpasya ang Direktor sa Rehiyon na hindi pairalin ang desisyon ng punong-guro na patalsikin ang inyong anak, kailangang isagawa ng punong-guro ang sumusunod na aksyon sa lalong madaling panahon:

- Ang mag-aaral ay dapat na muling i-enrol sa paaralan.
- Kailangang bumuo ang punong-guro ng Plano sa Pagbalik sa Paaralan para sa mag-aaral sa pakikipagtulungan sa mag-aaral, sa pinahahalagahang tao, at sa kaniyang mga guro.

- Ang rekord ng pagpapatalsik ay dapat na alisin mula sa permanenteng rekord at CASES21 ng mag-aaral.
- Ang mag-aaral at ang pinahahalagahang tao ay dapat na abisuhan sa sulat na ang pagpapatalsik ay natanggal na sa rekord ng mag-aaral.

SAAN AKO MAAARING PUMUNTA PARA KUMUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON O SUPORTA?

Ang *Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral at Gabay sa Pagsasama (Student Engagement and Inclusion Guidance)* ay nagbabalangkas ng proseso na kailangang sundin ng mga punong-guro sa pagpapatupad ng isang pagpapatalsik. Maaari ninyong mahanap ang gabay dito:

www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/studengage.aspx

MGA TANGGAPAN SA REHIYON NG KAGARAWAN NG EDUKASYON AT MAAGANG PAGSULONG NG BATA (EARLY CHILDHOOD DEVELOPMENT)

NORTH EASTERN VICTORIA REGION

Email: nevr@edumail.vic.gov.au

Benalla

Post: PO Box 403, Benalla, Victoria 3672

Lokasyon: 150 Bridge Street East, Benalla, Victoria 3672

Telepono: (03) 5761 2100

Fax: (03) 5762 5039

Glen Waverley

Lokasyon: Level 3, 295 Springvale Road, Glen Waverley 3150, Victoria

Telepono: (03) 9265 2400

Fax: (03) 9265 2444

NORTH WESTERN VICTORIA REGION

Email: nwvr@edumail.vic.gov.au

Bendigo

Post: PO Box 442, Bendigo, Victoria 3552

Lokasyon: 7-15 McLaren Street, Bendigo, Victoria 3550

Telepono: (03) 5440 3111

Fax: (03) 5442 5321

Coburg

Post: Locked Bag 2001, Coburg, VIC 3058

Lokasyon: Level 2, 189 Urquhart Street, Coburg, VIC 3058

Telepono: (03) 9488 9488

Fax: (03) 9488 9400

Ang mga madalas na itanong FAQs ng mga magulang ukol sa pagsususpende at pagpapatalsik ay makukuha sa:

www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx

Sa unang pagkakataon kailangan ninyong maki-ugnay sa Opisyal ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Community Liaison Officer) sa iyong pinakamalapit na tanggapan sa rehiyon (nasa ilalim ang mga detalye ng kontak).

SOUTH EASTERN VICTORIA REGION

Email: sevr@edumail.vic.gov.au

Dandenong

Post: PO Box 5, Dandenong 3175

Lokasyon: 165-169 Thomas Street, Dandenong 3175

Telepono: (03) 8765 5600

Fax: (03) 8765 5666

Moe

Post: PO Box 381, Moe, Victoria 3825

Lokasyon: Corner Kirk and Haigh Streets, Moe, Victoria 3825

Telepono: (03) 5127 0400

Fax: (03) 5126 1933

SOUTH WESTERN VICTORIA REGION

Email: swvr@edumail.vic.gov.au

Ballarat

Lokasyon: 109 Armstrong Street North, Ballarat, 3350

Telepono: (03) 5337 8444

Fax: (03) 5333 2135

West Footscray

Lokasyon: Level 3, Whitten Oval, 417 Barkly Street, West Footscray, 3012

(ang pagpasok ay sa pamamagitan ng mga pintong tinutulak o glass sliding doors)

Telepono: (03) 9291 6500

Fax: (03) 9291 6565

Geelong

Post: PO Box 2086, Geelong, Victoria 3220

Lokasyon: 5A Little Ryrie Street, Geelong, Victoria 3220

Telepono: (03) 5225 1000

Fax: (03) 5225 1099

KARAGDAGANG SUPORTANG MAKUKUHA

Parentline Victoria

Telepono: 13 22 89 – 8am hanggang hatinggabi 7 araw bawat linggo

Nagbibigay ang Parentline ng serbisyo ng pagpapayo sa telepono sa buong estado para sa mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata na may edad mula sa kapanganakan hanggang sa labing-walo taon.

Parents Victoria

Telepono: (03) 9380 2158 or 1800 032 023 (rural callers only)

Website: www.parentsvictoria.asn.au

Victorian Aboriginal Education Association Inc.

Telepono: (03) 9416 3833

Website: www.vaeai.org.au

Child and Adolescent Mental Health Services (Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Isipan ng mga Bata at mga Nagbibinata at Nagdadalaga)

Telepono: 1300 767 299

Website: www.health.vic.gov.au/mentalhealth/services/child/

Children's Protection Society (Samahan ng Proteksyon ng Bata)

Telepono: (03) 9450 0900

Website: www.cps.org.au

Australian Childhood Foundation

Telepono: (03) 9874 3922

Website: www.childhood.org.au/website/default.asp

Association of School Councils in Victoria (Samahan ng mga Konseho ng Paaralan sa Victoria)

Telepono: (03) 9808 2499

Website: www.asciv.org.au/ASCIV/Welcome.html

Victorian Council of School Organisations (Mga Organisasyon ng Konseho ng Paaralan sa Victoria)

Telepono: (03) 9429 5900

Website: www.viccsa.org.au/

Victorian Multicultural Commission

Telepono: (03) 9208 3184

Website: www.multicultural.vic.gov.au/